Information needing translation:

Pinatunayan ng Delta variant na anumang oras, maaaring dumami nang mabilis ang mga kaso ng COVID-19. Ang pagbibigay sa iyong lakas-paggawa ng proteksyon sa paghinga (N95) laban sa mga problemang may kinalaman sa paghinga, gaya ng virus na sanhi ng COVID-19, ay isang pamantayan sa kaligtasan na pinangangasiwaan at ipinapatupad ng Washington Department of Labor and Industries (L&I, Kagawaran ng Paggawa at mga Industriya ng Washington). Tinitiyak ng fit testing (pagsusuri sa pagiging akma) na masasala ng N95 respirator ang 95% ng virus na nasa hangin kapag ginamit ito nang tama. Tulungang makapagpatuloy sa trabaho ang iyong mga empleyado sa pamamagitan ng pagpapasuri sa kanilang pagiging akma at paghahanda sa kanila na gumamit ng respirator.

Ang DOSH Directive 11.80 Temporary Enforcement Guidance (Direktiba 11.80 Gabay sa Pansamantalang Pagpapatupad) (https://lni.wa.gov/dA/1d2a778d31/DD1180.pdf) (nasa wikang Ingles lang) ay na-update noong Setyembre 21, 2021. Sisimulang ipatupad ng L&I ang pangangailangan para sa taunang fit testing sa Enero 1, 2022. Ibig sabihin, kung halimbawang nasuri na sa pagiging akma ang iyong mga empleyado noong 11/1/2020, kakailanganin silang ipasuring muli bago sumapit ang 11/1/2021. Kung hindi, maaaring maparatangan ang iyong pasilidad sa pagsapit ng Enero 1, 2022 na hindi ito nagbigay ng taunang fit testing.

Ngayon na ang pagkakataon para sulitin ang mga serbisyong iniaalok ng Department of Health (DOH, Kagawaran ng Kalusugan) para sa iyong mga caregiver (tagapagbigay-alaga) na nag-aalaga ng mga residente/kliyente na nakabukod o naka-quarantine – LIBRENG medikal na pagpapasuri at fit testing para sa paggamit ng respirator. Magtatapos ang alok na ito sa katapusan ng 2021.

Bumisita sa website ng DOH Respiratory Protection Program (Programa ng Proteksyon sa Paghinga) (https://www.doh.wa.gov/ForPublicHealthandHealthcareProviders/HealthcareProfessionsandFacilities/HealthcareAssociatedInfections/RespiratoryProtectionProgram) (nasa wikang Ingles lang) para sa karagdagang impormasyon sa Respiratory Protection Program :: Washington State Department of Health, o mag-email sa HAI-FitTest@doh.wa.gov .